

WELCOME

(Para sa leader: Subukang gumawa ng isang tanong na magagamit upang mas makilala ang mga kasama sa kaagapay. *Be creative, personal and specific.*)

WORSHIP

(Para sa leader: Subukang gumawa ng isang paraan upang sambahin ang Diyos sa kanyang kadakilaan, maliban sa pag-aawitan.)

WORD

Layunin: *Pagkatapos ng araling ito, inaasahan ang bawat miyembro na...*



Head (Know): Malaman ang saklaw at mga katangian ng dakilang kaalaman (*omniscience*) ng Diyos.



Heart (Be): Mamangha sa dakilang kaalaman ng Diyos dahil alam niya ang lahat ng bagay maging mga maliliit na detalye ng ating buhay.



Hand (Do): Maipahayag sa Diyos ang isang aspeto ng buhay na itinatago sa ibang tao at ihingi ito ng tawad sa Diyos dahil walang maitatago sa kanya.

Panimula

1. Sino ang isang tao sa buhay mo na sa tingin mo ay kilalang-kilala ka? Isalarawan ang klase ng relasyon na mayroon kayo dahil sa ganitong klaseng pagkakakilala.

Tulay tungo sa Talakayan: Mayroon mang taong kilalang-kilala tayo, ang Diyos lamang ang nakakakilala sa atin nang lubos. Ito ay dahil ang Diyos natin ay nalalaman ang lahat ng bagay (*all-knowing/omniscient*). Walang bagay na lingid sa Diyos. Lahat ng kaalaman at ng maaaring malaman ay batid niya. Kung alam natin na ganito ang Diyos natin, maiiba rin ang klase ng relasyon natin sa kanya.

Talakayan

2. Basahin ang Isaias 40:13-14. Ang lahat ay likas na alam ng Diyos at walang sinumang nagturo sa kanya. Ano ang kaibahan nito sa kung paano tayo nagtamo ng kaalaman? (Awit 147:5)

3. Basahin ang Hebreo 4:13. Walang anumang maaaring maitago sa Diyos. Alam niya ang lahat ng detalye (Mateo 10:29-30; Kawikaan 15:3) at maging lahat ng maaaring mangyari (Mateo 11:21-24; Genesis 50:20). Anong pangyayari sa mundo o sa iyong buhay ang ikinababahala mo? Paanong makatutulong ang pagkakaalam ng Diyos sa mga bagay na ito?

4. Basahin ang Awit 139:1-6. Personal ang kaalaman ng Diyos. Kilala tayo ng Diyos. Nauunawaan niya ang mga nangyayari sa buhay natin. Nakikita niya ang puso natin. Isa-isahin ang bahagi ng buhay at pagkatao mo na nalalaman ng Diyos. Ano ang maaaring implikasyon nito sa ating pamumuhay?

5. Bakit hindi komportable sa maraming tao ang katotohanan na “all-knowing” ang Diyos natin? Paano ito magiging *encouragement* at *warning* din para sa mga anak ng Diyos?

Pagsasabuhay

6. Maglaan ng ilang minutong katahimikan para sa *personal reflection* sa mga sumusunod: Anong kasalanan ang tago sa maraming tao ang kailangan mong ihingi ng tawad sa Diyos? Pasalamat siya dahil walang iba na nakakakilala sa iyo nang higit sa kanya. Ilapit sa Diyos ang mga sitwasyon sa buhay na maaaring di nauunawaan ng mga tao sa paligid mo. Idalanging ang Awit 139:23-24, “O Diyos, ako’y siyasin, alamin ang aking isip, subukin mo ako ngayon, kung ano ang aking nais; kung ako ay hindi tapat, ito’y iyong nababatid, sa buhay na walang hanggan, samahan mo at ihatid.”

Memory Verse of the Week:

Ako’y iyong siniyasin, batid mo ang aking buhay, ang lahat kong lihim, Yahweh, ay tiyak mong nalalaman. (Awit 139:1)

WORKS

Magplano ng mga kongkretong hakbang kung paano maaakay kay Cristo ang mga kaibigan at kamag-anak na di pa nakakakilala sa kanya. Idulog ito sa panalangin.